Deklarasyon ng Pang Medikal na State of Emergency sa Hokkaido

Patuloy na napakabilis ng paglawak ng COVID-19 sa Hokkaido sa dahilan ng bagong virus o COVID variant at ang pang araw-araw na bilang ng bagong kaso ng impeksyon ay umabot na sa record na sa 712 kaso noong Mayo 13, 2021.

Kung patuloy na mangyayari ito, mahihirapan ang mga ospital sa mga sentrong lugar. Mas lalo na sa mga lugar na kulang sa mga kagamitan, nahuhuli ang paggamot sa mga pasyente, at nahihirapang magbigay lunas sa mga pasyente na hanggang ngayon ay mga napapabayaan, tulad ng pagbibigay lunas sa mga nasagutan at mga emerhenysang pagkakasakit.

Ang Pang Medikal na Sistema ng Hokkaido ay kasalukuyang nasa kritikal na sitwasyon.

Upang maiwasan ang pagbagsak ng Sistemang Medikal at upang maprotektahan ang buhay ng mga mamamayan, kami po ay nagdeklara ng Pang Medikal na State of Emergency sa Hokkaido.

Para sa mga mamamayan ng Hokkaido, hinihiling po naming ang inyong pakikiisa na sundin ang mga sumusunod na kahilingan upang maprotektahan ang sistemang medikal, ang inyong mga mahal sa buhay at ang inyong mga sarili.

Mas lalo na sa ngayon, bilang karagdagan sa pagsuot ng mask, paghugas at pagsanitize ng mga kamay, pagpapanatili ng distansya sa bawat isa, aming hinihiling na sundin ang mg sumusunod.

- Hangga’t maaari ay huwag lumabas ng tahanan
- Mas lalo na ang pag iwas na lumabas ng tahanan sa katapusan ng lingo.
- Kung lumabas ng tahanan, mangyaring umuwi nang alas 8 ng gabi.

Mayo 15, 2021

Gobernador ng Hokkaido, Naomichi Suzuki

Pangulo ng Asosasyon ng mga Mayor sa Hokkaido, Kotaro Yamaguchi

Pangulo ng Asosasyon ng mga Baryo sa Hokkaido Takao Tanano

Pangulo ng Asosasyon ng Medikasyon sa Hokkaido, Kiyoshi Nagase